

Artikulo

ANG KAUGNAYAN NG MABUTING KALOOBAN SA DALUMAT NG KALAYAAN AT PAGKABANSA NG KATIPUNAN*

Michael Charleston B. Chua

Departamento ng Kasaysayan

De La Salle University - Manila, Philippines

Abstrak

Marami ang nag-*stereotype* sa Katipunan bilang samahan ng masa na sugod nang sugod at walang ibang alam gawin kung hindi maging bayolente. Ngunit sa mga pananaliksik ng mga historyador at iba pa sa Agham Panlipunan sa nakaraang tatlong dekada, makikita na lumilitaw na ang tunay na mukha ng Katipunan ay hindi lamang bilang isang samahang mapanghimagsik kundi isang proyekto sa pagbubuo ng bansa. Sa pananaliksik ni Teresita Gimenez-Maceda, kanyang kinonekta, batay sa mga batis ng Katipunan mismo, na ang tunay na kalayaan ng bayan ay maiuugat sa kaginhawaan. Sa pagbanggit naman sa mga pag-aaral sa Sikolohiyang Pilipino tulad nang kay Zeus Salazar, makikita na ang batis ng ginhawa ay ang mabuting kalooban. Kung pag-uugnayin ang mga ito, makikita ang kumpletong larawan ng konsepto ng Katipunan ng Kalayaan: Walang tunay na kalayaan kung walang kaginhawaan, at wala namang kaginhawaan kung walang mabuting kalooban. Dito makikita kung bakit mahalaga ang Kartilya ng Katipunan sa pagpapanatili ng asal ng tao, ang mga anting-anting bilang proteksyon ng kalooban, at ang sanduguan bilang sagisag ng kapatiran at pagiging magkaloob. Ipinakilala ng kanilang karanasan na hindi sapat na humawak lamang ng sandata ang mga Katipunero kundi, kailangan mayroon din silang banal, kapuri-puri, at marangal na hangarin para sa bayan. Ang pagkabansa ay nagsisimula sa kapasyahan ng kalooban na palayain ang sarili at umibig sa Maykapal at sa kapwa.

PANIMULA

Hindi raw sopistikado ang kaisipan ukol sa kalayaan at pagkabansa ni Andres Bonifacio at ng Katipunan. Wala raw umangang kakayahang mag-isip ng sariling ideolohiya si Bonifacio at ang Katipunan. Napansin nina Reynaldo Iletto (1979, 3-8) at Teresita Gimenez-Maceda (1998, 77) na ayon sa mga nakagisnang pananaw ng mga historyador, tanging sa mga ilustradong nanggaling ang kaisipan ng Katipunan na nakuha naman ang kanilang kaisipan sa Rebolusyong Pranses. Maging ang marami sa mga kumikilala sa kakayahan at kabayanihan ni Bonifacio ay naimpluwensyahan din ng tradisyunal na historya ukol sa paggaya lamang ni Bonifacio sa ideolohiya ng Kanluran (Guerrero 1970, 15; Ilagan 1997). Maging si Renato Constantino, na kinilala ang papel ni Bonifacio na ipinagsama ang matagal na tradisyon ng pakikibaka ng bayan sa liberal na mga ideya ng mga ilustrado mula sa Kanluran, ay nagsabi na dahil ang Ama ng Himagsikan ay may “*instincts of the masses*” na hindi pa buo ang mga aspirasyon ay kinakailangan pa ng artikulasyong ilustrado, ang mga deklarasyon at ideolohiya ni Bonifacio ay maituturing na “*primitive*” (Constantino 1975, 169-170).

Ngunit kung pagbabatayan ang sinasabi ni Zeus Salazar na “Dambuhalang Pagkakahating Pangkalinangan” ng mga Pilipino noong pananakop ng mga Español, kung saan magkaiba ang kamalayan ng mga edukadong elit at ng bayan, ang ideya ng mga ilustrado ay katulad ng naganap sa Rebolusyong Pranses at mababasa sa mga sinulat ng mga pilosopo ng *Enlightenment*—isang *Nación* sa uring *Republicano* kung saan ang bawat *citizen* (mamamayan) ay may mga karapatan at kalayaang tinatamasa ayon sa Konstitusyon, nakakamit ito sa pamamagitan ng *Revolucion* hanggang matamo ang pulitikal na *Independencia* (Salazar 1998, 1999). Sa madaling-salita, malaya ka na kung naisasabuhay mo ang iyong mga karapatang sibil.

Mahirap makita ang kaisipan ng Katipunan dahil iilan lamang ang mga pormal na dokumentong Katipunan ang natagpuan noon at laluna sa panahon bago maibahagi sa Pilipinas ang mga *scan* ng dokumento mula sa *Archivo General Militar de Madrid*. Ngunit sa nagdaang mga taon, ang metodolohiyang ginamit ng mga eksperto ay ang pagbasa sa *mentalité* o kaisipan ng bayan na nasasalamain sa mga literatura na tinangkilik ng Katipunan. Bilang halimbawa, binabanggit sa *Florante at Laura* ni Francisco Balagtas, ang salitang “bayan” sa mga paglalarawang tulad ng “Sa loob at labas ng BAYAN kong sawi/Kaliluha’y siyang nangyayaring hari” (Almario 2003, 54-55) (akin ang diin). Samantalang ipinakita naman ni Reynaldo Iletto (1979) na naging larawan ng *bayan* ang *Pasyon*, na ginamit ng mga Español upang turuan ang mga Indio na magtiis tulad ni Kristo. Tulad ni Kristo na nabuhay, namatay, nabuhay na mang muli, ang bayan bago ang *Conquista* ay nasa liwanag nguni’t nagdilim sa pagdating ng mga Español. Muling makakamit ang liwanag kung matatamo ang Kalayaan. Sa isa pang sanaysay, sinabi rin ni Iletto (1998) na sa basa ng mga tao sa *Historia Famosa de Bernardo Carpio*, ang bayani ng

mga Tagalog ay nakagapos sa kabundukan ng Montalban at ililigtas tayo mula sa mga Espanyol kapag siya ay nakahulagpos mula rito. Ito ang nagpatibay sa marami na magkaroon ng pag-asa ng kalayaan.

Kung ganitong kaparaanan ang gagamitin, maitutuwid ang lumaganap na *stereotype* sa mga Katipon bilang masa na nag-alsa nang walang katinuan at ang Katipunan bilang samahan na lumaganap lamang sa mga Tagalog. Iba kasi ang sinasalamin ng mga literatura na nagmula at tinangkilik sa Katipunan sapagkat nagpapakita ang mga ito ng malalim na pagkaugat sa kalinangan at nakaraan, at malinaw na konsepto ng minimithing kalayaan at inaadhikang bansa.

KAGINHAWAAN SA KATIPUNAN

Binasa ng mga eksperto ang sulatin nina Bonifacio, Emilio Jacinto at iba pang Katipon [tinatawag ni Virgilio Almario (1993) na mga “Akdang Katipunan” dahil bagama’t ginawa ng ilang tao ay iisa naman ang diwa ng mga ito], na bagama’t iilan lamang at masasabing kakaunti, ay makikitang konsistent ang mensahe na kapag pinag-ugnay-ugnay nang tulad sa kadena ay magluluwal ng isang malinaw na konsepto ng kalayaan at pagkabansa.

Ayon kay Gimenez-Maceda (1998) sa kanyang artikulong “The Katipunan Discourse on Kaghinhawahan: Vision and Configuration of a Just and Free Society” na lumabas sa *Kasarinlan*, ang konsepto ng kalayaan ni Bonifacio ay malinaw na makikita kung ikokonekta ito sa konsepto ng “kaghinhawaan.” Nakita niya ito sa mga tula at sulatin ni Bonifacio, halimbawa sa “Pag-ibig sa Tinubuang Bayan,” “Katapusang Hibik ng Pilipinas,” at “Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog.” Kaghinhawaan, may unlaping “ka” na tumutukoy sa mas malawakang “ginhawa” ng lipunan, bagama’t kung minsan ay hindi tuwirang binabanggit sa teksto ay siyang naglalarawan sa mga akdang Katipunan ng kalagayan ng bansa bago ang kolonyalismo, nasa liwanag, malaya mula sa panghihimasok ng mga dayuhan, nakikipagkalakalan sa ibang bansa, may dangal at mayaman sa kalinangan at kaugalian, at may sariling kabihasan na ang mga mamamayan, marunong bumasa at may sistema na ng pagsusulat.

Ayon pa kay Gimenez-Maceda (1998, 81), ang pagdating ng kolonyalismo ay inilarawan sa mga akdang Katipunan sa ganitong pananalita: pawang kataksilan, hamak na asal, sinira ang mahal at magandang ugali ng ating Bayan, walang gabahid na lingap, hayop na kabangisan. Sa sanaysay na “Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog,” kinilala ni Bonifacio (1896a) ang *sandugo* na ginawa nina Miguel Lopez de Legazpi at Sikatuna at itinuring na kapatid ang Español, na sa kabilang banda’y hindi naman tumupad sa usapan at sa halip ay nang-api.

Sa tulang “Katapusang Hibik ng Pilipinas,” ipinahayag ni Bonifacio (1896b) ang paghihirap ni Pilipinas sa ilalim ni Inang España, ang pagnanais na wakasan ang kanilang ugnayan ng tuluyan at bumalik sa tunay na Inang Bayan at mga kapatid (Abrera 1995, Mr3/Mr4), na maituturing na pagbawi sa *sandugo*:

Sumikat na Ina sa sinisilangan
 Ang araw ng poot ng Katagalugan,
 Tatlong daang taong aming iningatan
 Sa dagat ng dusa ng karalitaan.

Walang isinuway kaming iyong anak
 Sa bagyong masasal ng dalita’t hirap,
 Iisa ang puso nitong Filipinas
 At ikaw ay di na Ina naming lahat (Bonifacio 1896b, 145).

At maibabalik lamang ang kaginhawaan ayon sa Katipunan kung: umasa sa sarili, magkaisang-isip, magkaisang-loob, magkalakas na [labanan] ang naghaharing kasamaan sa ating bayan, at matutong magdamayan (Gimenez-Maceda 1998, 82-83).

Bagama’t nakapagtataka na hindi binanggit ni Gimenez-Maceda sa kanyang pagsipi sa tulang “Pag-ibig sa Tinubuang Bayan” ni Bonifacio (1896c) na kapwa binanggit ang salitang “kaginhawaan” at “ginhawa” sa nasabing akda:

Hayo na nga kayo, kayong nangabuhay
 Sa pag-asang lubos na **kaginhawaan**
 At walang tinamo kundi kapaitan
 Hayo na’t ibigin ang inaabang Bayan...

Kayong mga dukhang walang tanging [palad]
 Kundi ang mabuhay sa dalita’t hirap,
 Ampunin ang Bayan kung nasa ay lunas
 Pagkat ang **ginhawa** niya ay sa lahat... (Bonifacio 1896c, 143-144) (akin ang diin).

Upang maintindihan ang konsepto ng kaginhawaan ng mga Pilipino, kailangang balikan ang mga akda ni Salazar sa Sikolohiyang Pilipino. Siya ang isa sa unang nagpalitaw ng pangkalahatang depinasyon ng ginhawa batay sa iba’t ibang konseptwal na pananaw ng iba’t ibang etnolonggwistikong grupo sa Pilipinas. Ayon kay Salazar (1976, 83), ang ginhawa ay “itinuturing na bahagi ng taong may kinalaman sa kalusugan, mabuting pakiramdam, at mabuting pamumuhay.” Sa isang komprehensibong pagbubuod kanyang sinabi:

...the human being's life force... was most probably known amongst most Filipino groups as "ginhawa"... the ginhawa has its seat somewhere in the intestinal region, often in the liver or atay. In Encarnacion's Visayan dictionary (1851), in any case, the term "guinhaoa" means "stomach, and the pit of the same stomach; to live, to breathe, respiration, vital spirit; metaphorically, what is taken upon eating for being that which, with nutrients, give life to all living things... sometimes and with relative frequency, the term guinhaoa is understood to mean character, disposition, condition, for the good or the bad..." Much earlier, in 1637, Mentrída gave practically the same meaning to "ginhawa," including that of "taste" or "appetite" (Salazar 1983).

Para kay Salazar (1983, 100), hindi nalalayo ang kasalukuyang pakahulugan sa ginhawa sa dati nitong pakahulugan: "gaan sa buhay," "aliwan sa buhay," "paggaling sa sakit," "kaibsan sa hirap," "aliw," o "mabuting pamumuhay." Sa Hiligaynon, kaugnay ito ng "pagkain" at "ganang kumain." Samakatwid, ang *ginhawa* ang kabuuang kagalingan ng tao.

MABUTING KALOOBAN: PAG-UUGNAY SA KAGINHAWAAN AT KALULUWA

Ano naman ang kahalagahan ng "mabuting kalooban" o "matuwid na kaluluwa" sa konsepto ng kalayaan at pagkabansa ng Katipunan. Ang alam natin, maraming sulatin ang Katipunan na tumutukoy sa magandang ugali, pero may kaugnayan ba ito sa ginhawa?

Upang maipakita ito, kinailangan kong tingnan ang pangkalahatang Sikolohiyang Pilipino. Sa sanaysay na "Ang Kamalayan at ang Kaluluwa: Isang Paglilinaw ng Ilang Konsepto sa Kinagisnang Sikolohiya" na nailathala na noong pang 1976, sinabi ni Salazar na may malaking kaugnayan ang ginhawa sa kaluluwa ayon sa mga etnograpiya ng iba't ibang etnolinggwistikong grupo sa Pilipinas, "Ang pagkawala ng kaluluwa sa katawan, habang buhay pa ang tao, ang nagiging sanhi ng kanyang pagkakasakit; ang ginhawa naman ang siyang nagpapanatili ng kanyang kalusugan" (Salazar 1976, 86).

Ayon kay Salazar (1976, 86), naniniwala ang mga Pilipino na may elementong "moral" ang kaluluwa, ito ang nagbibigay ng kabutihan sa tao, ang "nag-uudyok sa kanya na gumawa ng mabuti." At taliwas pa sa paniniwalang Kristiyano, likas na mabuti ang kaluluwa ayon sa mga ninuno natin. Kaya may pariralang, "taong may kaluluwa" ka kung mabuti ka at "taong walang kaluluwa" kung masama ka. Gayundin, iniuugnay ang kaluluwa sa "buhay"

at “sigla.” At iyon na nga, kung wala kang kaluluwa sa loob mo, wala kang ginhawa, buhay, at sigla.

Konektado rin ayon kay Salazar (1976, 89-90) ang konsepto ng kaluluwa at budhi na iniuugnay rin sa moralidad at konsyensya, “Tumitibok din ang budhi, kagaya ng puso at ng pulsang tanda ng buhay, ng ginhawa.” Kaugnay rin ng mga konseptong ito ang “kaluluwang dalisay” at “bait” Salazar (1976, 87-89).

Sa huli, sinabi ni Salazar (1976, 91) na ang lahat ng ito ay kaugnay ng konsepto ng Pilipino ng “kalooban.” Malinaw kung gayon na kung mabuti ang iyong kalooban, mayroon kang mabuting kaluluwa, may dangal, puri, kabanalan, ito rin ang batis ng ginhawa.

Dito lalong naging malinaw sa akin kung bakit may pagpapahalaga sa kabutihang loob ang Katipunan, dahil ito ang batis ng ginhawa sa sikolohiyang katutubo.

KABUTIHANG LOOB: KAGANDAHAN, PURI, KATUWIRAN, KADALISAYAN SA MGA AKDANG KATIPUNAN

Mas malinaw na kung bakit mahalaga sa mga rebolusyunaryo ang maganda/matuwid/dalisay na kaluluwa na naiingatan sa pamamagitan ng *anting-anting* at naipapamalas sa pamamagitan ng magandang asal (Abrera 1992, 1999). Ibig sabihin, hindi sapat ang pulitikal na kasarinlan lamang, kailangan ng kagandahang asal ng bawat isang kapatid. Lumilitaw rin ito sa kanilang mga tinangkilik na awitin. Sa awit (ala-*National Anthem*) para sa Katipunan na ipinacomisyon ni Bonifacio kay Julio Nakpil at nayari sa Balara noong Nobyembre 1896, “Marangal na Dalit ng Katagalugan,” makikita na hindi lamang kilusan para sa paglaban ang Katipunan kundi pangunahin din nitong isinusulong ang dangal, puri, kabanalan, at kahusayan:

Mabuhay yaong Kalayaan

At Pasulungin ang puri’t kabanalan

Kastila’y mailing ng Katagalugan

At ngayo’y ipagbunyi ang kahusayan (Ocampo 1990, 40) (akin ang diin).

Sa isa ring paboritong kundiman ang “Jocelynang Baliwag” na sinasabing iniaalay sa isang babaeng nanggangalang Pepita Tiongson (aka Pepitang Himala) na taga-Baliwag, Bulacan noong 1896, sapagkat ang mga unang letra ng bawat saknong ay magbubuo ng pangalang PEPITA (Dery 2012, 55). Sa tuwing inaawit ng Katipunan para sa bayan, ang unang dalawang saknong ay naglalarawan dito bilang dalisay sa linis, dakila sa ganda tulad ng bulaklak at Kaligayahang Eden (paraiso):

Pinopoong sinta niring calulowa
Nacacawangis mo'y mabangong sampaga,
Dalisay sa linis, dakila sa ganda,
Matimyas na bucal ng madlang ligaya.

Edeng maligayang kinaloclocan
Ng galak at tuwang catamis-tamisan
Hada cang maningning na ang matunghaya'y
Masamyong bulaclac agad sumisical (Santos 1998, 116) (akin ang diin).

Konsistent sa dalumat ng kadalisan, ang tula naman ni Bonifacio (1896c) na “Pag-ibig sa Tinubuang Lupa” (27 saknong), ay naglalagay sa pag-ibig sa bayan bilang pinakadalisyat at pinakadakila:

Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya
Sa pagkadalisyat at pagkadakila
Gaya ng pag-ibig sa tinub'ang lupa?
Aling pag-ibig pa? Wala na nga wala (Bonifacio 1896c, 141).

Sa pagpapatuloy ng tula, makikita ang Tatluhang Pananaw ni Bonifacio (1896a) sa Kasaysayan ng Pilipinas na tulad ng makikita sa isa pa niyang sanaysay “Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog”:

Ang nangakaraang panahon ng aliw
Ang inaasahang araw na darating
Ng pagkatimawa ng mga alipin
Liban pa sa bayan saan tatanghalin? (Bonifacio 1896c, 142).

Sa huling saknong, makikita na para sa Katipunan, ang umibig at mamatay para sa bayan ay tunay na langit (paraiso):

Ipaghandog-handog ang buong pag-ibig
Hanggan sa may dugo'y ubusing itigis,
Kung sa pagtatanggol buhay ang [mapatid]
Ito'y kapalaran at tunay na langit (Bonifacio 1896c, 144).

Malinaw na makikita ang kahalagahan ng kabutihang loob sa Kartilya ng Katipunan na isinulat ni Jacinto. Ayon sa historyador na si Milagros Guerrero (1998, 46-47), maituturing itong Saligang Batas ng Katipunan at may ugat sa mga sinaunang kasabihan na tumutukoy sa marangal na pamumuhay.

Para kay Almario (1993), tatlo ang inspirasyon ng idyolohiya ng Katipunan ayon sa Kartilya: Ang mga ideya ng Rebolusyong Pranses at Kilusang Propaganda; ang sinaunang katutubong kasabihang bayan; at ang pasyong pamprotesta ng *Cofradia de San Jose* at mga kapatiran sa mga Bundok Banahaw, San Cristobal, at Makiling. Makikita na nangibabaw pa rin ang pag-uugat ng Katipunan sa katutubong pananampalataya upang matanim sa kaisipang Pilipino (Reyes 1996, 22-24). Ito ang 13 Mga Aral ng Katipunan ng mga A. N. B.:

[I] Ang kabuhayang hindi ginugugol sa isang malaki at banal na kadahilanan ay kahoy na walang lilim, kundi man damong makamandag.

[II] Ang gawang magaling na nagbubuhay sa pagpipita sa sarili at hindi sa talagang nasang gumawa ng kagalingan ay di kabaitan.

[III] Ang tunay na kabanalan ay ang pagkakawanggawa, ang pag-ibig sa kapwa at ang isukat ang bawat kilos, gawa't pangungusap sa talagang Katwiran.

[IV] Maitim man o maputi ang kulay ng balat, lahat ng tao'y magkakapantay; mangyayaring ang isa'y higtan sa dunong, sa yaman, sa ganda; ngunit di mahihigtan sa pagkatao.

[V] Ang may mataas na kalooban, inuuna ang puri kaysa pagpipita sa sarili; ang may hamak na kalooban, inuuna ang pagpipita sa sarili kaysa puri.

[VI] Sa taong may hiya, salita'y panunumpa.

[VII] Huwag mong sasayangin ang panahon; ang yamang nawala'y mangyayaring magbalik; ngunit panahong nagdaan na'y di na muli pang magdadaan.

[VIII] Ipagtanggol mo ang inaapi at kabakahin ang umaapi.

[IX] Ang taong matalino'y ang may pag-iingat sa bawat sasabihin; at matutong ipaglihim ang dapat ipaglihim.

[X] Sa daang matinik ng kabuhayan, lalaki ay siyang patnugot ng asawa't mga anak; kung ang umaakay ay tungo sa sama, ang patutunguhan ng inaakay ay kasamaan din.

[XI] Ang babae ay huwag mong tingnang isang bagay na libangan lamang, kundi isang katuwang at karamay sa mga kahirapan nitong kabuhayan; gamitin mo nang buong pagpipitagan ang kanyang kahinaan at alalahanin ang inang pinagbuhata't nag-iwi sa iyong kasanggulan.

[XII] Ang di mo ibig gawin sa asawa mo, anak, at kapatid ay huwag mong gagawin sa asawa, anak, at kapatid ng iba.

[XIII] Ang kamahalan ng tao'y wala sa pagkahari, wala sa tangos ng ilong at puti ng mukha, wala sa pagka-paring KAHALILI NG DIYOS, wala sa mataas na kalagayan sa balat ng lupa. Wagas at tunay na mahal na tao kahit laking-gubat at walang nababatid kundi ang sariling wika; yaong may magandang asal, may isang pangungusap, may dangal at puri; yaong di

napaaapi't di nakikiapi; yaong marunong magdamdam at marunong lumingap sa bayang tinubuan (Jacinto w.tn., 157-158).

Ayon kay Ed Aurelio Reyes (1996, 22), madalas na makalimutan sa mga pagsipi ng Kartilya ang pinakamahalagang bahagi ng dokumento, ang talata matapos ang ika-13 Kartilya, na nagtataglay ng isang pangako:

Paglaganap ng mga aral na ito at maningning na sumikat ang araw ng mahal na Kalayaan dito sa kaaba-abang Sangkapuluan at sabugan ng matamis niyang liwanag ang nangagkaisang magkalahi't magkakapatid ng ligayang walang katapusan, ang mga ginugol na buhay, pagod, at mga tiniis na kahirapa'y labis nang natumbasan.

Samakatwid, kung pagsasama-samahin lahat ng ito, ang buong diwa ng kaisipan ng Katipunan ukol sa pagkabansa ay ito: Ang tunay na kalayaan ay kaginhawaan, at ang batis ng kaginhawaan ay ang mabuting kalooban ng mga anak ng bayan.

Maliwanag ito sa akda ni Jacinto. Sa isa sa kanyang mga sanaysay na pinamagatang "Pahayag," masasalamang nang lubos ang mga dalumat na isinusulong ng Katipunan:

Ako ay ang simula ng mga bagay na higit na dakila, higit na maganda at higit na kapuri-puri, marangal at iniingatan, na maaaring matamo ng sangkatauhan. Nang dahil sa akin ay nalaglag ang mga ulong may korona; nang dahil sa akin ay nawasak ang mga trono at napalitan at nadurog ang mga koronang ginto... nang dahil sa adhikain ko'y napagkakaisa ang mga tao at kinalilimutan ng bawat isa ang pansariling pakinabang at walang nakikita kundi ang higit na kabutihan ng lahat... Ang pangalan ko ay KALAYAAN (Jacinto 1896, 161).

HULING HIRIT: KAPATIRAN AT PAG-IBIG

Sa panimula ng limbag na edisyon ng Kartilya ng Katipunan na pinamagatang "Katipunan ng Manga A.N.B.: Sa May Nasang Makisanib Sa Katipunang Ito," isinulat ni Jacinto (w.tn.) ang pinakamalinaw na paglalarawan ng konsepto ng pagkabansa ng Katipunan:

Ang kalagayang pinag-uusig ng katipunang ito ay lubos na dakila at mahalaga; papag-isahin ang loob at kaisipan ng lahat ng Tagalog(*) sa pamamagitan ng isang mahigpit na panunumpa upang sa pagkakaisang ito'y magkalakas na iwasak ang masinsing tabing na nakabubulag sa

kaisipan at matuklasan ang tunay na landas ng Katwiran at Kaliwanagan” (Jacinto w.tn., 156).

Muli mapapansin na naroroon muli ang salitang katuwiran at kaliwanagan na kaugnay ng mabuting kalooban, ngunit sinabi rin na kailangang pag-isahin ang loob at kaisipan ng lahat ng Tagalog. Sa talababa, makikita ang kahulugan ng salitang tagalog—“katutura’y ang lahat nang tumubo sa Sangkapuluang ito; samakatwid, *bisaya* man, *iloko* man, *kapangpangan* man, etc., ay *tagalog* din.” Ibig sabihin, hindi lamang mga Tagalog sa Luzon kundi kabilang ang buong Pilipinas sapagkat para sa mga akdang Katipunan, ang lahat naman ay *taga-ilog*, tumutukoy sa kalinangang maritima ng Pilipinas. Hindi man tuwirang binanggit sa siping ito, ang pagkakaisa ng loob at kaisipan ay tumutukoy sa pagtuturingan natin na magkakapatid tayo. Marami nang naisulat ukol sa konsepto ng kapatiran sa Katipunan kaya’t hindi na kailangang ilatag ito, ngunit kailangan kong dagdagan na ang susi sa tunay na kapatiran ay ang pag-ibig, na naipapakita sa mabuting kalooban. Sa susunod na talata ng dokumento ay sinabi, “Dito’y isa sa mga kauna-unahang utos ang tunay na pag-ibig sa bayang tinubuan at lubos na pagdadamayan ng isa’t isa.” Ang pangunahing aral ng Katipunan ay hindi lumaban lamang, kundi ang *umibig*. Kung susuriin ang mga dokumento ng Katipunan, tatlo ang uri ng Pag-ibig sa Katipunan: Pag-ibig sa Maykapal, pag-ibig sa Inang Bayang Tinubuan, at pag-ibig sa kapwa (kabilang na ang sa kapatid, kabiyak, at kaibigan) (Guillermo *et al.* 1998).

PANGWAKAS

Kaya naman dito ko nabuo ang matagal ko nang itinuturo sa aking mga lektura, simula nang magsimula akong magturo na ngayon ko lang malinaw na nailatag: Ang buod ng diwang Katipunan mula sa kalat-kalat na mga akdang Katipunan ay ito: Kapatiran, Mabuting Kalooban, Kaginhawaan, at Tunay na Kalayaan na nagsisimula sa pag-ibig. Ito ang diwang naghahanda sa mga Katipon upang lumaban. Kumbaga, hindi sapat sa kanila ang humawak lamang ng sandata at magkaroon ng poot sa Espanya.

Kapatiran, Mabuting Kalooban, Kaginhawaan, at Tunay na Kalayaan—Ito sa aking pagtatasa ang mga bagay na nawala at hindi naisakatuparan sa ating bansa nang patayin si Bonifacio sa mga bundok ng Maragondon noong 1897. Ito ang mga bagay na hindi naigiit ng demokrasyang elit na nanalig lamang sa Kanluraning balangkas na nakatuon lamang sa pagpapalitan ng iilan sa kapangyarihan. Ito ang bagay na kinalimutan natin kaya naman laganap ang korupsiyon sa ating lipunan, at kung saan bilyon-bilyon ang kinukulimbat at dinarambong sa kaban ng bayan ng mga walang pagmamahal sa kapwa habang naghihirap ang pinakamaraming Pilipino.

Hindi man tayo perpekto, nawa ay pagsikapan nating maisabuhay ang diwa ng Katipunan, dahil kung hindi, patuloy nating binabaril at sinasaksak ang Ama ng Sambayanang Pilipino.

Sa ika-150 taon ni Gat Andres Bonifacio, nawa'y gunitain natin ang tunay niyang diwa. Lagi nating naaalala ang Supremo na nag-alay ng kanyang katapangan bilang kabayanihan. Nakaligtaan natin na tinuruan din niya tayong umibig.

Talahuli

* Alay kay Mari Clare Junio. Unang binasa sa Pambansang Kumperensya-Pagtatanghal; BONIFACIO 150: ALAY SA BAYAN ng University of the Philippines (UP), Nobyembre 22, 2013, sa GT-Toyota Asian Cultural Center, UP, Diliman, Quezon City, Philippines. Nirebisa para sa publikasyong ito.

Sanggunian

Abrera, Ma. Bernadette. 1992. Ang Numismatika ng Anting-anting: Panimulang Paghawan ng Isang Landas Tungo sa Pag-unawa ng Kasaysayan at Kalinangang Pilipino. M.A. tesis sa Kasaysayan, University of the Philippines - Diliman, Quezon City.

Abrera, Ma. Bernadette. 1995. Sandugo. Nasa *Talaarawan 1996; Handog sa sentenaryo; Himagsikang 1896*, may-akda Zeus Salazar, Edward Yulo, at Atoy Navarro. Quezon City: Miranda Bookstore, Mr3/Mr4 [35].

Abrera, Ma. Bernadette. 1999. *Anting-anting: Pag-uugat sa Kasaysayan at Kultura. ADHIKA* 1: 155-170.

Almario, Virgilio. 1993. *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896); Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1997.

Almario, Virgilio, pat. 2003. *Florante at Laura ni Francisco Balagtas*. Quezon City: Adarna House, Inc.

Bonifacio, Andres. 1896a. Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog. Nasa *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896); Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto*, may-akda Virgilio Almario, 152-155. Quezon City: University of the Philippines Press, 1997.

- Bonifacio, Andres. 1896b. Katapusang Hibik ng Pilipinas. Nasa *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896); Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto*, may-akda Virgilio Almario, 145-146. Quezon City: University of the Philippines Press, 1997.
- Bonifacio, Andres. 1896c. Pag-ibig sa Tinubuang Lupa. Nasa *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896); Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto*, may-akda Virgilio Almario, 141-144. Quezon City: University of the Philippines Press, 1997.
- Constantino, Renato. 1975. *The Philippines: A Past Revisited*. Manila: Tala Publishing. Inc., 2002.
- Dery, Luis Camara. 2012. Pepita Tiongson de Lara: Ang Kundiman ng Himagsikan. Nasa *Bantayog ni Inang Bayan*, may-akda Luis Camara Dery, 54-59. Quezon City: New Day Publishers.
- Gimenez-Maceda, Teresita. 1998. The Katipunan Discourse on Kaginhawahan: Vision and Configuration of a Just and Free Society. *Kasarinlan: A Philippine Quarterly of Third World Studies* 14, blg. 2: 77-94.
- Guerrero, Amado. 1970. *Philippine Society and Revolution*. Philippines: Aklat ng Bayan, Inc., 2006.
- Guerrero, Milagros. 1998. Pagtanaw sa Kasaysayan, Paghahanda sa Himagsikan: Mga Ideya ng Katipunan, 1892-1897. *Kasarinlan: A Philippine Quarterly of Third World Studies* 14, blg. 1: 37-52.
- Guillermo, Bomen, Atoy Navarro, at Mary Jane Rodriguez. 1998 Pag-iibigan sa Katipunan: Isang Paglingon sa Panitikan ng Himagsikan. Nasa *Wika Panitikan, Sining, at Himagsikan*, mga pat. Atoy Navarro at Raymund Arthur Abejo, 91-107. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan.
- Ilagan, Bonifacio (manunulat at direktor). 1997. *Sa Liyab ng Libong Sulo*. Bidyo-dokumentaryo. Philippines: LEAD at Asia Visions Media Foundation.
- Ileto, Reynaldo. 1979. *Pasyon and Revolution; Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press. Pinakahuling edisyon, 2011.

- Ileto, Reynaldo. 1998. Bernardo Carpio: Awit and Revolution. *Nasa Filipinos and Their Revolution: Event, Discourse, and Historiography*, may-akda Reynaldo Ileto, 1-27. Quezon City: Ateneo de Manila University Press. Binagong edisyon, Honolulu: University of Hawaii Press, 1999.
- Jacinto, Emilio. 1896. Pahayag. *Nasa Panitikan ng Rebolusyon(g 1896); Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto*, may-akda Virgilio Almario, 160-163. Quezon City: University of the Philippines Press, 1997.
- Jacinto, Emilio. w.tn. Katipunan ng mga A.N.B.: Sa May Nasang Makisanib sa Katipunang Ito (Ang Kartilya ng Katipunan). *Nasa Panitikan ng Rebolusyon(g 1896); Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto*, may-akda Virgilio Almario, 156-158. Quezon City: University of the Philippines Press, 1997.
- Ocampo, Ambeth. 1990. The Other National Anthem. *Nasa Looking Back*, may-akda Ambeth Ocampo, 40-41. Manila: Anvil Publishing, Inc.
- Reyes, Ed Aurelio. 1996. The Spirit of the Kartilya. *Sulyap Kultura 2*: 22-24.
- Salazar, Zeus. 1976. Ang Kamalayan at ang Kaluluwa: Isang Paglilinaw ng Ilang Konsepto sa Kinagisnang Sikolohiya. *Nasa Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo, at Gamit*, pat. Rogelia Pe-Pua, 83-92. Quezon City: Akademya ng Sikolohiyang Pilipino, 1982.
- Salazar, Zeus. 1983. Ethnic Psychology and History: The Study of Faith Healing in the Philippines. *Nasa The Ethnic Dimension: Papers on Philippine Culture, History, and Psychology*, pat. Zeus Salazar, 89-106. Kolonya: Counseling Center for Filipinos.
- Salazar, Zeus. 1998. Wika ng Himagsikan, Lenguwahe ng Rebolusyon: Mga Suliranin ng Pagpapakahulugan sa Pagbubuo ng Bansa. *Bagong Kasaysayan 8*, 1999.
- Salazar, Zeus. 1999. Ang Kartilya ni Emilio Jacinto at ang Diwang Pilipino sa Agos ng Kasaysayan. *Bagong Kasaysayan 6*.
- Santos, Ramon. 1998. Musika sa Panahon ng Rebolusyon ng 1896: Salamin sa Pagbuo ng Isang Pambansang Kamalayan. *Nasa Wika Panitikan, Sining, at Himagsikan*, mga pat. Atoy Navarro at Raymund Arthur Abejo, 109-131. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan.